

Deklarasyon, "All Gifu: Defend Life"

Napagpasyahan : Agosto 14, 2021

COVID-19 Infection Countermeasures HQ Gifu Prefectural Government

Ang impeksyon ng Delta strain ay mabilis na kumakalat

Sa kasalukuyan, ang bilang ng mga bagong nahawahang tao ay mabilis na tumaas sa Prepektura at sa buong bansa. Umaabot na ito sa higit 100 katao araw-araw, at nasa status ito ng "Infection Explosion".

Kung ang ganitong sitwasyon ay magpapatuloy, ang Medical System ay babagsak sa katapusan ng Agosto at ang mga emergency transportation ay maaantala. Maaaring magresulta ito sa isang sitwasyon na "ang buhay na maaaring mai-ligtas ay hindi na mai-liligtas".

Ngayon na ang oras para sa malakas na pagpipigil sa sarili, ang tinatawag na self-lockdown, upang "protektahan ang iyong sarili buhay at buhay ng iyong pamilya".

Bilang karagdagan sa pagpapatuloy ng mga pangunahing hakbang sa pagkontrol sa impeksyon, magtulungan tayo upang mabawasan ang mga pagkakataong maging close contact sa mga tao hangga't maaari.

Sa mga Mamamayan ng Prepektura, kasama ang mga Operator ng mga negosyo

Matapos ipagpatuloy ang mga pangunahing hakbang sa pagkontrol sa impeksyon (pagsusuot ng mask, kalinisan ng kamay, mahigpit na pag-iwas sa maraming tao, pamamahala ng pisikal na kondisyon) lubusang ipatupad ang mga sumusunod na upang "mahati natin ang daloy ng mga tao".

1 Pag-uwi sa bayan

- Nananawagan para sa pagpipigil o ipagpaliban ang pag-uwi ng mga miyembro ng pamilya na naninirahan sa ibang Prepektura.

Gayundin, kung sa palagay mo ay hindi maganda ang iyong pakiramdam, siguraduhing iwasan munang umuwi.

2 Business Trip

- Pagbabawas ng mga business trip na nangangailangan pumunta ng ibang Prepektura, inirerekomenda rin ang paggamit ng virtual meetings o conference. Kung wala nang ibang alternatibo, iwasan ang mataong lugar at pagkain sa labas (dinner).

3 Travel, Leisure at Eating- out

- Para sa mga travel at leisure na kailangan pang pumunta ng ibang Prepektura, pigilin o ipagpaliban na lamang sa ibang panahon

Umiwas sa pag-kain at pag-inom sa mga meetings ng mga taong hindi mo karaniwang nakakasalamuha, tulad ng mga pagtitipon ng mga kamag-anak at alumni associations, pati na rin sa mga kasamahan sa trabaho sa labas ng trabaho.